QC protection center, bukas sa mga biktima ng pang-aabuso-VM Joy B

Sa pagdiriwang ng International Day of the Girl Child sa darating na Oktubre 11, nanawagan si QC Vice Mayor Joy Belmonte sa mga biktima ng pang-aabuso, karahasan, at pambabastos, lalo na ang mga kabataang babae, na sila'y magsalita at humingi ng tulong mula sa lokal na pamahalaan.

"A lot of violence happens to young women, and it is more than what is being reported because many are scared to report instances of violence and harassment, this October 11, we are one with the United Nations in marking the International Day of the Girl, and this is the perfect time to campaign to young women about the rights they have," pahayag pa ni Belmonte.

Anya, sa SWS 2016 survey, may tatlo sa limang kababaihan sa QC ay nakaranas na ng pambabastos na may edad 18-24-anyos o may 88 percent sa mga ito ay nakaranas ng pambabastos.

Ang Quezon City Protection Center (QCPC) na matatagpuan sa Quezon City General Hospital (QCGH) ay bukas para sa lahat ng kababaihan at mga batang nakakaranas ng karahasan.

Mula noong itinayo ang naturang center, nagbigay na ito ng serbisyong libreng legal, medical at phychological at intervention sa mahigit isang libong biktima ng pang-aabuso at kaharasan sa QC.

Sinabi ni Belmonte na ang center ay isang "one-stop shop" dahil ang biktima ay malayang makakuha ng serbisyo ng doktor, abogado, mga social worker, tagapayo, at iba pa. *(Angie dela Cruz)*